# Kaligtasan sa daan

## Pagsuot ng helmet at ligtas na pagbisikleta

### Pagsuot ng helmet

Dapat magsuot ng helmet ang iyong anak kapag nagbibisikleta saanmang pampublikong lugar – **ito ang batas**. Dapat na standards approved ang helmet, matatag na nakasuot at nakakabit sa ulo ng iyong anak. Dapat itong nakakabit nang matatag upang hindi tumatagi-tagilid o dumudulas sa tagiliran.

Palaging tandaan na suriin na ang iyong anak ay nakasuot ng helmet tuwing siya ay naglalaro o nakasakay sa mga de-gulong na sasakyan, kabilang ang:

- Mga bisikleta
- Mga foot scooter
- Mga rollerskate
- Mga skateboard
- Mga rollerblade.

### Matiwasay na pagsakay

Bagama't ang iyong anak ay maaaring mabilis na matutong magpedal, magmanibela at magpreno, hindi pa siya handa na magbisikleta nang malapit sa mga sasakyan o sa lansangan. Hanggang sa hindi bababa sa 10 taong gulang na, dapat magbisikleta ang iyong anak malayo sa kalsada, malayo sa mga sasakyan at sa mga driveway.

Ang pinakaligtas na mga lugar upang sumakay ng mga bisikleta, mga scooter at mga skateboard ay sa loob ng mga nabakurang lugar. Nakakatulong ito sa iyong anak para maiwasan ang pagsakay o pagkahulog sa footpath o sa lansangan. Ang batang may edad sa pagitan ng 10 hanggang 12 o pataas ay dapat na sumakay malayo sa mga maabalang daan.

Ang mga bata na wala pang 16 at ang mga taong may hustong gulang na kasama nilangnagbibisikleta at patnubay nila ay maaaring magbisikleta sa footpath, maliban kung mayroong mga karatula na sadyang nagbabawal ng pagbibisikleta.

Ang mga nagbibisikleta ay kailangang mag-ingat nang mabuti sa mga driveway kung saan maaaring labas-pasok ang mga sasakyan.

Sa mga shared path, ang mga nagbibisikleta ay hinihikayat na maglaan ng isang metrong puwang mula sa mga pedestrian, hanggat maaari.

Kapag tumatawid ng daan, ang mga nagbibisikleta ay dapat bumaba ng bisikleta at itulak ito patawid ng daan bilang isang pedestrian.

**Natututunan ng mga bata ang mga ligtas na paggamit ng daan mula sa iyo at maipagpapatuloy ang mga ito kapag nasa hustong gulang na sila para makapaglakbay nang mag-isa.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapanatili ng kaligtasan ng mga bata sa daan, bisitahin ang seksyong pampamilya sa **safetytown.com.au**



**Mga ahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na ibabahagi sa iyong anak mula sa Kindergarten hanggang Year 4**

- Palaging magsuot ng helmet kapag ikaw ay magbibisikleta o mag-i-skate
- Magbisikleta nang malayo sa daan

**Mga mahahalagang mensaheng pangkaligtasan sa daan na ibabahagi sa iyong anak na nasa Year 5 at Year 6**

- Palaging magsuot ng helmet kapag ikaw ay magbibisikleta o mag-i-skate
- Magbisikleta na malayo sa mga matrapikong daan

Stock code 45095194 June 2024 © Transport for NSW

NSW GOVERNMENT

Masyadong marami ang nasasawi
sa mga daan ng NSW.
**Ang ating layunin ay zero.**

TOWARDS ZERO